Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-7 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 105-2022**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – KGG. ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD – KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI GNG. LYDIA DE VEGA, ISANG PAMBANSANG ATLETA, KAMPEON, T EHEMPLO NG MGA KABATAAN SA LARANGAN NG PAMPALAKASAN AT LINGKOD BAYAN.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** si Gng. Lydia De Vega, isang taal na Bulakenya na tubong Lungsod ng Meycauayan at Pambansang Atleta sa larangan ng track and field, ay sumakabilang buhay noong ika-10 ng Agosto, 2022 sa edad na limampu't pito (57) taong gulang;

**SAPAGKAT,** si Gng. Lydia De Vega na kinilala rin bilang *"Asia's Fastest Woman"*, ay nagkamit ng mga matataas na parangal kagaya na lamang ng gintong medalya sa *"100-meter sprint"* noong 1982 at 1986 sa *Asian Games*, gintong medalya sa *"sprint double"* sa *Asian Athletics Championship* noong 1983 at 1987, siya rin ay siyam na beses na nagkamit ng gintong medalya sa *Southeast Asian Games;*

**SAPAGKAT,** si Gng. De Vega ay nagsilbi ring isang mabuting lingkod-bayan na naihalal bilang isang kasangguni ng Sangguniang Bayan ng Meycauayan noong taong 2001 hanggang 2004;

**SAPAGKAT,** ang pagyao ni Gng. De Vega ay isang malaking kawalan hindi lamang para sa kaniyang pamilya't mga kaanak, bagkus maging sa Lalawigan ng Bulacan at sa buong Larangan ng Pampalakasan sa bansa;

**SAPAGKAT,** si Gng. De Vega ay isang inspirasyon at huwarang mamamayan lalo't higit para sa mga kabataang atleta ng bansang Pilipinas na patuloy na nag-uuwi ng karangalan at pagkilala sa bansa;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI — KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** si Gng. De Vega ay nag-iwan ng hindi matatawaran at makalilimutang marka sa puso't isipan ng bawat isang Pilipino, gayundin ang masikhay at katangi-tanging pamana nitong kabutihan at sakripisyo upang ipakilala at i-angat ang bansang Pilipinas sa larangan ng Track and Field sa buong Asya at maging sa mundo;

**SAPAGKAT,** bilang bumubuo ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay marapat lamang na ipakita at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alala sa isang indibidwal na itinuturing na Pambansang Yaman na nagkintal ng mga hindi matatawarang karangalan para sa bayan;

**Dahil dito,** sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Victorino M. Aldaba III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Abgdo. Christian D. Natividad at ang bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Gng. Lydia De Vega, isang Pambansang Atleta, kampeon, ehemplo ng mga kabataan sa larangan ng pampalakasan at lingcod bayan.

**PINAGTIBAY.**

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| ***KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08162022